



Konsiyerto ng Krokodiloes

247 クロコディロスコンサート

Magtatanghal muli ang Harvard University Krokodiloes ng Amerika sa ika-25 ng Hunyo (Linggo) sa Kawasaki International Center.

Ang Krokodiloes ay grupo ng Akapela na nagtataglay ng pinakalumang kasaysayan. Ito ay binubuo ng 12 lalaking mag-aaral.

Kilalang-kilala ang grupong ito ng dahil sa kanilang pagtatanghal sa ibat-ibang panig ng daigdig. Ang mga konsiyerto sa bawat lugar ay pinaghahandaan ng bawat miyembro sa pamamagitan ng pag-eensayo habang nag-aaral sa Unibersidad at itinataon ang pagtatanghal sa tag-araw at tag-sibol.

Ang konsiyerto ay gaganapin sa ika-25 ng Hunyo (Linggo) sa oras ng alas 3 ng hapon. Ang bayad sa entrans o tiket sa mismong araw ay ¥2500, samantalang 2000 naman sa mga unang nagpareserba. 1000 lamang para sa mga junior at senior highschool.

Ang Kawasaki International Center ay 10 minutong lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi. Para sa detalye, tumawag sa Kawasaki International Center: 044-435-7000.



Photochemical Smog/urban ozone

248

光化学スモッグ

Ang mga usok na nagmumula sa mga pagawaan o pabrika at mga awtomobil na tinatawag na Nitrogen Oxide, Hydro Carbon ay nagkakaroon ng komplikasyon kapag tinamaan ng sikat ng araw at nagiging dahilan ng chemical reaction na nagbubunga ng Photochemical Oxidant.




Ang Photochemical Oxidant ay nakaka-eppekto sa panahon na nagiging **Photochemical Smog**. Ito ay may malaking eppekto sa lahat gaya ng pagka-irita ng mata, pagsakit ng lalamunan at iba pang pinsala sa kalusugan.

Kapag nagkaroon ng babala ukol sa Photochemical Smog, iwasan ang labis na pagpapagod sa pag-eehersisyo maging ang paggamit ng sasakyan.

Ang mga kaalaman o impormasyon, telephone service: 0463-24-3322.

Ang mga babala o anunsyong opisyal ay mapapakingggan mula sa FM Kawasaki 79.1MHZ radyo at sa mga institusyon ng pamahalaan.

Para sa iba pang detalye, makipag-ugnayan sa Kawasaki City Environment Bureau PollutionManagement Division: 044-200-2516.





Summer Fest ng Muza Kawasaki 2006

フェスターサマーミュージア Kawasaki 2006

249

Ang opening o simula ng simbolo ng Siyudad [ONGAKU NO MACHI · KAWASAKI] noong 2004 ay nagpakita ng natatanging kagandahang resulta sa daigdig ng mga konsiyerto sa Bulwagan, Muza Kawasaki Symphony Hall. Sa mga bulwagang ito tatanghalin ang pagdiriwang sa larangan ng Musika.


Mag-uumpisa sa Muza ang [*Impressed Summer*] Music Festival ito ang magiging titulo at password. Mula July 21 (Biyernes) hanggang Agosto 13 (Linggo) ipagdiriwang ito. Siyam (9) sa mga Rehiyong Kapital na Orkestra at lahat ng mga Artista sa larangan ng musika, ay magtatanghal ng pista sa panahon ng tag-init sa loob ng 24 na araw.

Kasalukuyang mabibili ang mga tiket sa pangkaraniwang playguide ang "Festa Summer Muza Kawasaki 2006."

Ang Muza Kawasaki Symphony Hall ay maaring marating mula sa JR Kawasaki labasang Kanluran (west) isang minutong paglalakad.

Sa inyong katanungan, tumawag sa Muza Kawasaki Symphony Hall: 044-520-0200.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:
Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/